November 1

"through the mercy of our almighty God rest in peace"

Natatandaan pa rin po ba ninyo, mga kapatid ko kay Kristo, ang mga huling habilin, ang huling parangal o ang mga huling salita ng ating mga minamahal na lumisan sa atin piling? Naaalala pa rin ba ninyo ang kanilang mga huling ginawa sa atin?

Hindi ba't ang kanilang mga salita o mga gawa ay pawang nagpapahiwatig ng pagmamalasakit, ng pangangalaga at higit sa lahat ng pagmamahal? Sino ang makakalimot sa mga matatamis na habilin "*mag-iingat ka anak. Alagaan mo ang iyong sarili*?" O kaya ang mapag-alalang pagsusumamo na "*huwag mong pababayaan ang iyong kapatid*."

Hindi ba't atin tatandaan ang mga salitang punong-puno ng pagmamasakit tulad ng "*magtulungan at magpasensiya kayo sa isa't isa*?" Hindi bilang pagmamahal sa atin sa kabila ng ating pagkukulang ay naroroon pa rin ang kanilang pag-unawa at pagtanggap sa kanilang mga salita "*mayroon ka pang babalikan at bukas palagi ang aming pintuan.*" O ang palagi nilang paalala "*hindi kami makakalimot at kami ay tapat na maghihintay*."

Mga kapatid, tayo ay naririto sa kanilang mga libingan upang ipadama na sila sa kabila ng lahat ay hindi natin makakalimutan. Sila ay mahalaga pa rin sa atin buhay. At sila ay patuloy pa rin na ating minamahal. Datapuwa't hindi ba sila ay para sa atin ay buhay kung ang kanilang mga salita ay atin patuloy na gagawin? Hindi ba't sila ay mananatiling buhay sa ating piling kung ang kanilang mga gawa ay atin ipagpapatuloy sa atin buhay?

At dahil dito dalawang bagay ang nararapat natin pagnilayan. Ito ang dalawang bagay na dapat natin sa kanila ay ibigay.

Una ay **pangako**. Hindi pa huli ang lahat. Mayroon pa rin tayong magagawa sa kanila. Kahit na sila ay wala sa ating piling. At ito ay pagtupad ng pangako.

Kung paano na ang pangarap nila sa atin, na magkaroon tayo ng buhay na maayos, mapayapa at matagumpay, ito ay atin ngayon gagawin, tutuparin. Kung paano na ang kanilang minimithi na ang bahay natin ay buo, nagkakaisa at nagdadayaman, ito ay atin ngayon gagawin.

Pangako na hindi natin sasayangin ang lahat ng kanilang pinaghirapan. Pangako na hindi natin aaksayahin ang lahat ng kanilang naiwan. At pangako na higit natin pagyayamanin ang kanilang naitanim, naipundar at ipinagkatiwala sa atin. At ang ating pangako sa kanila ay nagaganap sa ating mga kamay at makikita sa ating mabuti at magandang buhay.

Ikalawa ay **pasasalamat**. Mayroon mga pagkakataon na tayo ay naging matipid sa pagsasalita. Minsan hindi natin nasabi o huli na upang ipabatid ang ating mga matatamis na salita. Hindi ba't nararapat lamang na sila ay pasalamatan? Hindi ba't tama lamang na tayo rin ay humingi sa kanila ng kapatawaran? Nararapat lamang na sila ay ating purihin at parangalan dahil sa mga pagpapakasakit at pagtataguyod nila sa atin. Karapat dapat din na sila ay ating pasalamatan. At higit sa lahat ipagpasalamat natin sila sa ating Panginoong Diyos.

Sa kabila ng maigsing buhay sa lupa, maraming salamat sa Panginoong Diyos sa pagbibigay Niya sa kanila bilang ating minamahal na magulang o kabyak sa buhay, bilang kapatid o kamag-anakan, kaibigan o kasamahan. Ibinigay sila ng Diyos para sa atin. At salamat sa kanila sapagkat mula sa kanila ay ating nadama ang pagmamahal, pangangalaga at paglilingkod ng Diyos sa atin.

Mga kapatid, sa atin ngayon paglisan mula sa kanilang mga libingan o kaya matatagalan pa na sila ay atin muling balikan, dalhin natin sa ating buhay ang dalawang bagay na ito: **pangako** at **pasasalamat** sa kanila. Kahit hindi na November 1 o kahit wala tayo sa sementeryong ito palagi pa rin natin na sila ay aalalahanin sa pamamagitan ng pang-araw araw na pananalangin para sa kanila.

Sila ay patuloy pa rin natin ipagdasal. Sila ay patuloy ninyong ipagmimisa. At palagi natin bibigkasin sa Panginoong Diyos ang kanilang mga pangalan at taimtim natin sabihin, "***may our beloved and faithful departed through the mercy of God rest in peace. Amen.***"

Mga kapatid natatandaan pa rin po ba ninyo ang huling habilin, huling salita o huling pangaral ng ating mga minamahal na lumisan na mula sa atin piling? Naalala pa rin po ba ninyo ang kanilang huling ginawa sa atin? Ngayon isang pangako na atin rin itong bibigkasin at gagawin. At maraming salamat sa kanilang mga magagandang salita at mababuting nagawa.

✠Ruperto Cruz Santos, DD
Bishop of Balanga and CBCP ECMI chair